# FORWARD

WEEK OF PRAYER AND FASTING

# PAGSULONG NG MAY PAGSUKO

Lumayo siya nang kaunti, at pagkatapos ay nagpatirapa upang manalangin na kung maaari'y huwag nang sumapit sa kanya ang oras ng paghihirap. Nanalangin siya, "Ama ko, Ama ko! Magagawa mo ang lahat ng bagay. Alisin mo sa akin ang paghihirap na ito, ngunit hindi ang kalooban ko kundi ang kalooban mo ang masunod."
**Marcos 14:35-36**

## KAISIPAN SA ARAW NA ETO

Ang nais ng Diyos ay ang ating pagsuko sa kanya sa pamamagitan ng pagsuko ng ating mga takot, sariling plano para tayo ay makasunod sa kagustuhan ng Diyos. Ang ibig sabihin ng pagsuko na kagaya sa militar ay ang pagtigil sa pag-aklas at pagpapasakop sa nakakataas. Sa salita ng Diyos na ating nabasa, Nakita natin sa pasimula na merong kaunting kahirapan si Cristo sa pagpapasakop sa kagustuhan at plano ng Diyos Ama. Makikita natin kung kanino tayong nagpapasakop ay mababatid natin ang ating kasalukuyan at kinabukasan. Maari tayong magpasakop sa ating mga takot, pangamba at nakaraang pagkakamali, at maging bilanggo ng mga bagay nae to. Ating isuko ang mga bagay na eto at sumunod sa Diyos. Ang Diyos ay kumikilos para sa ating ikakabuti at meron syang magandang planong nakalaan para tayo ay mapalaya at magkaroon ng kaaya-ayang buhay at pag-papala na Diyos lamang ang makakapagbigay kung tayo ay magpapasakop sa kanya

## MGA IPAPANALANGIN

- Isuko sa Diyos
  - Bawat takot na nagpapabagal at nagpabagsak sa atin
  - Tanggalin ang lumang kaisipan ng kahinaang loob
  - Bawat pagkabigo
- Pasakop sa kalooban, plano at awtoridad ng Diyos sa ating buhay
  - Isuko ang di magandang pag-uugali
  - Magkaroon tayo ng kusa na kausapin ang Diyos
  - Laging maglaan ng puwang para tanggapin ang mga layunin ng Diyos
- Magkaroon ng pagtatalaga sa pagsulong na may pagpapasakop sa bawat situwasyon sa araw-araw ng ating buhay

**TODAY'S READINGS:** Mga Hebreo 12:1-2

# PAGSULONG NG MAY BAGONG KALAKASAN

Hindi ba ninyo nalalaman, di ba ninyo naririnig? Na itong si Yahweh, ang walang hanggang Diyos, ang siyang lumikha ng buong daigdig? Hindi siya napapagod; sa isipan niya'y walang makakaunawa. Ang mahihina't mga napapagod ay kanyang pinapalakas. Kahit na ang mga kabataan ay napapagod at nanlulupaypay. Magandang Balita Biblia Ngunit muling lumalakas at sumisigla ang nagtitiwala kay Yahweh. Lilipad silang tulad ng mga agila. Sila'y tatakbo ngunit hindi mapapagod, sila'y lalakad ngunit hindi manghihina.
**Isaias 40:28-31**

## KAISIPAN SA ARAW NA ETO

Ating mararanasan ang pagod or kapagalan kapag ang ating kalakasan ay nauubos at ang dating lakas ay nawawala. Nararanasan eto ng pang-kalahatan. At sa ganitong panahon na dapat tayo ay magbasa ng salita ng Diyos at magtiwala sa Diyos. Ang pagtitiwala sa Diyos ay tanda ng ating pagsuko sa Diyos ng ating kahinaan at kakulangan ng lakas.. Magdudulot eto ng pagtanggap ng pag-asa at pag-aabang na siya lamang ang makakapag-bigay ng ating mga pangangailangan. Kasunod nito ang pagkilos ng Diyos na palakasin tayo. Bukal ba sayo ang magbigay ng oras mula sa ating kaabalahan na magtiwala at maghintay sa Diyos. O mas gusto mong magmadali sa mga pupuntahan mo o magbigay ng oras sa mga bagay na pinagkakaabalahan mo. Kung tayo ay magtitiwala sa Diyos, kanyang gagawin ang kanyang mga pangako at bibigyan tayo nga kakaibang kalakasan para handing harapin ano mang bagay ang dumating sa ating buhay.

## MGA IPAPANALANGIN

- Manalangin na magkaroon ng bagong kalakasan
  - Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng ating kahinaan sa Diyos
  - Ipanalangin at aminin ang ating kayabangan
  - Humingi ng pagdaloy ng sariwang kagalakan mula sa Diyos
- Makipagpalitan tayo ng ating kahinaan sa kalakasan ng Diyos
  - Ipanalangin ang pagtitiwala at pagsunod sa kanyang ganyang gabay at direksyon
  - Bagong pagka-uhaw at pag-kaguton sa kanyang mga salita
  - Bagong pagnanais at disiplina sa pananalangin
- Pagkalooban tayo ng bagong puso at Espiritu
  - Bagong puso nag may pagpapasakop na makinig at tumalima sa salita ng Diyos
  - Bagong espiritu na ang hinahanap ay patungkol sa kaharian ng Diyos

**TODAY'S READINGS:** Ezekiel 11:18-20

# PAGSULONG SA KAPANGYARIHAN NG BANAL NA ESPIRITU

16 Idinadalangin kong sa pamamagitan ng kanyang Espiritu ay palakasin niya ang inyong buhay espirituwal ayon sa kanyang kayamanan at kadakilaan. 20 ***Sa kanya na makakagawa nang higit pa kaysa maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang kumikilos sa atin;***
**Efeso 3:16, 20**

## KAISIPAN SA ARAW NA ETO

Ang lahat ng anak ng Diyos ay pinangakuan ng kapangyarihan at kakayahan na hindi likas sa tao para maipakita ng Diyos ang kanyang kapangyarihan ng tulungan at katagpuin ang pangangailan ng sangkatauhan. Tinanggap natin ang kapangayarihan at kakayanan mula sa Banal na Espiritu. Sinabi ni Pablo ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay pinagkaloob para sa ikakabuti ng lahat. Ang bawat isa sa atin ay tumanggap ng iba't-ibang kakayanan na galing sa Banal na Espiritu para manga-aral ng mabuting balita para ilapit ang tao kay Cristo. Gumawa ng mga bagay, himala na sisira sa kaharian ng kadiliman at para mapalaya ang sangkatauhan. Ang mga tinanggap natin na libre mula sa Banal na Espiritu ay para magtayo ng simbahan ng Diyos at magpalakasan sa isa't-isa. Bagamat tayo ay mga ordinaryong tao, pero ginawang mas higit sa ordinaryo. Kaya nga ilagay natin sa ating puso ang paghingi at pagnanasa na mga regalo na galing sa Diyos at eto ay kanyang ipagkakaloob. Ang pagtanggap ng kapangyarihan at kakayanan na galing sa Diyos ay magbibgay sa ating ng pagsulong ng Simbahan ng Diyos kahit na sa panahon ng kadiliman at kahirapan.

## MGA IPAPANALANGIN

- Ipanalangin na ang simbahan ay hangarin ng mas maraming regalo ng Banal an Espiritu
  - Kaya umpisahang humingi ng regalo ng Pananampalataya at Mapagtuklas na espiritu
- Na ating magamit ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa tuwing tayo ay
  - Nananalangin na magbigay ng himala, palatandaan at kababalaghan sa ating mga pagtitipon
  - Na palakasin ang ating katapangan at kumpiyansa na ibahagi sa iba kung ano ang ginawa ng Diyos sa ating buhay
  - Ipanalangin na maging sensitibo tayo sa pangunguna at gabay ng Banal na Espiritu
- Ipanalangin ang pagbautismo ng Banal na Espiritu
  - Manalangin ng may Pananampalataya
  - May pagsuko sa Diyos
  - Pagbuka ng ating bibig na may pananampalataya sa ating pagsasalita

**TODAY'S READINGS:** Efeso 3:16, 20

# PAGSULONG NA KINALULOGDAN NG DIYOS

**Patuloy na lumaki si Jesus sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao.**
**Lucas 2:52**

## KAISIPAN SA ARAW NA ETO

Kagustuhan ng Diyos na tayo ay lumakad ayun sa kanyang ikalulugod sa panahong eto. Nasasaad sa Bibliya na merong Diyos na may kakayanang makipag-relasyon personal at pumapanig sa kanyang mga anak. Ang pagpanig at pagkilos ng Diyos sa atin, ay pagkilos nya sa lahat ng mga bagay na di natin kayang gawin sa araw-araw ng ating buhay. Kaya hingin at tanggapin ninyo na may pananampalataya and pagtitiwala sa panahong eto ang Maka-langit na daan o gawa sa lahat ng bagay na walang man sino ang makakapigil ating Kalayaan at katagumpayan

## MGA IPAPANALANGIN

- Pananampalataya ang kailangan para tanggapin ang Pabor ng Diyos
  -Tayo ay manalangin na tanggapin ang bagong Pananampalataya
  - Ipanalangin na magkaroon tayo ng bagong puso na sumusunod para buksan ang mga pabor mula sa Diyos
- Tayo ay manalangin na bigyan tayo ng Diyos ng mapagkumbabang puso
- Tayo ay maging daluyan ng pagpapala sa iba habang tayo ay pinagpapala sa kanyang kaluguran

**TODAY'S READINGS:** Lucas 1:30

*AUGUST 6* — *BIYERNES*

# PAGSULONG SA PANAHON NG MAY KATAGUMPAYAN

Nang mabalitaan ng mga Filisteo na si David ay itinanghal nang hari sa buong Israel, lumusob sila upang hanapin si David. Nalaman ito ni David kaya't hinarap niya ang mga Filisteo. Unang sinalakay ng mga Filisteo ang libis ng Refaim. Itinanong ni David sa Diyos, "Lalabanan ko po ba ang mga Filisteo? Magtatagumpay po ba ako laban sa kanila?" "Humayo ka," sagot ni Yahweh, "pagtatagumpayin kita laban sa iyong mga kaaway." Kaya't sinalakay niya ang mga Filisteo sa Baal-perazim, at natalo niya ang mga ito. Sinabi ni David, "Kinasangkapan ako ng Diyos upang lupigin ang mga kaaway na parang dinaanan ng rumaragasang baha." Ito ang dahilan kung bakit tinawag ang lugar na iyon na Baal-perazim.[a] Naiwan doon ng mga kaaway ang kanilang mga diyus-diyosan at iniutos ni David na sunugin ang mga ito.
**1 Cronica 14:8-12**

## KAISIPAN SA ARAW NA ETO

Ako ay naniniwala na kagustuhan ng Diyos na bigyan tayo ng katagumpayan sa panahong eto. Walang tagumpay kung wala ang mga balakid; kundi nandoon ang tagumpay kung napakabigat ng balakid. Hindi lamang ang mga di pangkaraniwang balakid ang ating pinagtatagumpayan, kundi ang mga paniniwala at pananampalataya na tinatayuan natin ay kailangan nating ipaglaban. Sa pamamagitan nito ay mangyayari ang katagumpayan. Ano ang mga bagay, sitwasyon na kailangan mo ng katagumpayan sa panahong eto? Kayang ipagkaloob ng Diyos ang tagumpay kung tayo ay may sakripisyo at pagpapagal. Patuloy tayong sumulong at labanan ang gawa ng kaaway sa kanilang pinaghaharian, sapagkat ang kalangitan ay magwawagi. Sa mga salita ni haring David, kung paanong wala makakapigil sa daloy ng tubig ay ganoon din sa harapan ko na walang makakapigil ang paglupig ng Diyos sa aking kaaway.

## MGA IPAPANALANGIN

- Ating Ipanalangin na itaas natin ang antas ng ating pag-aabang
  - Na hindi tayo matitinag sa ating kaaway
  - Na maunawaan laban ng Diyos ang ating isinusulong and sya ang magbibigay ng katagumpayan
- Ngayon naman ating ipanalangin at ipaglaban ang katagumpayan sa ating buhay
  - Mga relasyon at buhay may asawa
  - Kaligtasan ng pamilya at kaibigan
  - Kagalingan at kalusugan
  - Pampinansyal at sitwasyon sa trabaho
- Katagumpayan ng ating Connect Groups, ating anihin ang ating mga itinanim
  - Pag-apaw ng mga makikilala at kanilang kaligtasan
  - Pag-dami ng Connect Groups
  - Madagdagan ang mga taga-pamuno ng Connect Groups

**TODAY'S READINGS:** Exodus 14:13

**Victory Family Centre Singapore**
© August 2021
www.vfc.org